



Paano Natin Malalaman ang Hinaharap?

Leksyon 1

Ito ang unang leksyon ng These Last Days sa tatlumpu at tatlong leksyong kurso sa mahahalagang mga isyung may kinalaman ngayon. Tampok dito ang pangunahing mga pang-huling araw na mga propesiya at iba pang mga dakilang tema sa Biblia, ang bawat leksyon ay nagtuturo sa mga talata sa Biblia na sumasagot sa mga pinakamahalagang mga katanungan sa ngayon.

Sa pagpapasimula, kakailanganin mo ng King James Version na Biblia (Ang Biblia sa Tagalog) na siyang pinaka- textbook sa kursong ito. Ang bawat leksyon ay naglalaman ng mga katanungan at mga referensiya sa Biblia. Basahing mabuti ang bawat tanong. Hanapin ang talata sa inyong Biblia, at tingnan ang sagot. Maaring ito ay ang buong talata, subalit kadalasan ang tanong ay nasasagot na sa isang parirala. Sipiin ang mahalagang bahagi ng talata sa linyang inilaan. Ang guhit ay nalalakipan ng tandang panipi indikasyon na ikaw ay sumusipi sa Kasulatan.

Kung nahihirapan kang hanapin ang kasagutan, una siguraduhin na nahanap mo ang tumpak na talata. Sunod muling basahin ang tanong. Kung parang wala pa ring kaugnayan ang talata, sipiin na lang at magpatuloy sa susunod na tanong. Sa iyong pagpapatuloy, ang mga susunod na mga talata ay makakatulog upang linawin ang mga iyon. Kapag natapos mo na, mas mabuting basahin muli ang buong leksyon upang makuha ang buong linya ng konektadong kaisipan bago lagyan ng check ang mga kahon sa likuran.

1. Sino ang humahawak sa mga direksyon ng mga pangyayaring pangkatauhan?

Daniel 2:20,21 _____

“... ang Kataastaasan ay nagpupuno sa kaharian ng mga tao, at ibinibigay niya ito sa kanino mang kaniyang ibigin, at itinataas niya sa kaniya ang pinakamababa sa mga tao.” Daniel 4: 17

Isang manunulat noong ika-labingsiyam na siglo ay minsang nagsalarawan sa kapamahalaan ng Diyos sa mga salitang ito:

“Sa itaas ng mga kaaliwan ng mundo Siya's naluluklok sa trono; ang lahat ng mga bagay ay bukas sa Kanyang banal na pagsisiyasat; at mula sa Kanyang dakila at tahimik na walang hanggan ipinag-uutos Nya kung saan ang Kanyang paglalaan ay lubos na nangangailangan.”

At hindi itinago ng Diyos ang Kanyang mga lihim na plano:

“Tunay na ang Panginoong Dios ay walang gagawin, kundi kaniyang ihahayag ang kaniyang lihim sa kaniyang mga lingkod na mga propeta.” Amos 3:7

2. Gaano na katagal ng ibunyag o ipahayag ng Diyos ang Kanyang mga plano?

Isaias 46:10 _____

3. Saan nakuha ng mga banal na propeta ng Diyos sa sinaunang panahon ang kanilang kaalaman?

2 Pedro 1:21 _____

Ang Biblia ay maaring tanggapin “na hindi gaya ng salita ng mga tao, kundi, ayon sa katotohanan, na salita ng Dios.” 1 Tes. 2:13

4. Anong garantiya ang ibinigay ng Mang-aawit na ang mga sinaunang salita ng Diyos ay patuloy na mapagkakatiwalaan sa mga huling araw?

Awit 12: 6,7 _____

Ipinahayag ni apostol Pedro ang kanyang tiwala sa mga sinaunang mga propesiya at ang kanilang kahalagahan para sa atin ngayon:

“At kami ay mayroong lalong panatag na salita ng hula; na mabuti ang inyong ginagawa kung ito'y inyong sinusundan, na gaya ng sa isang ilawang lumiliwanag sa isang dakong madilim, hanggang sa pagbubukang liwayway, at ang tala sa umaga ay sumilang sa inyong mga puso.” 2 Pedro 1:19

Tunay na pinakinggan ng mga taga-Berea ang tiyak na salita ng propesiya:

“Ngayon lalong naging mararangal ang mga ito kay sa mga taga Tesalonica, sapagka't tinanggap nila ang salita ng buong pagsisikap, at sinisiyasat sa araw-araw ang mga kasulatan, kung tunay nga ang mga bagay na ito.” Gawa 17:11

5. Sa ano tayo dapat mabuhay?

Mateo 4:4 _____

“Pagsikapan mong humarap na subok sa Dios, manggagawang walang anomang ikahihiya, na gumagamit na matuwid ng salita ng katotohanan.” 2 Tim 2: 15

6. Ligtas ba sa para atin na ipaliwanag ang mga propesiya ng Biblia?

2 Pedro 1:20 _____

“Hindi ba ukol sa Dios ang mga paliwanag?” Genesin 40:8 Ang bawat isa ay nagpapaliwanag ng Biblia ng iba-iba. Kaya nga hindi ligtas na umasa sa kaninomang pagpapaliwanag, maging sa iyong sarili. Huwag mong ipaliwanag ang Biblia, hayaan na ang Biblia ang magpaliwanag sa kanyang sarili. Kung may mabasa ka sa Biblia na hindi mo maunawaan, sa halip na magtiwala sa iyong sariling mga ideya, maghanap sa Biblia ng ibang mga talata na magpapaliwanag sa kahulugan ng mas mahirap na talata.

Ang Biblia mismo ay nagsasabi sa atin kung paano ito dapat pag-aralan: “ Sapagka't utos at utos: utos at utos; bilin at bilin, bilin at bilin; dito'y kaunti, doo'y kaunti.” Isaias 28:10 Kaya sa ganitong paraan, “na iniwawangis natin ang mga bagay na ayon sa espiritu sa mga pananalitang ayon sa espiritu.”

Kasulatan sa Kasulatan, hinahayaan natin na ipaliwanag ng Biblia ang kanyang sarili. I Corinto 2:13 Maari tayong matukso na mag-isip na mayroon tayong likas na kakayahan upang unawain ang salita ng Diyos, subalit tayo'y wala:

“Nguni't ang taong ayon sa laman ay hindi tumatanggap ng mga bagay ng Espiritu ng Dios: sapagka't ang mga ito ay kamangmangan sa kaniya; at hindi niya nauunawa.” I Corinto 2:14

7. Minsan itinatago ng Diyos ang mga bagay sa mga tinatawag na matatalino, at inihahayag kanino?

Mateo 11:25 _____

8. Sino ang kailangan natin para magturo sa atin?

Juan 14:26 _____

Sa tuwing mag-aaral tayo ng Biblia tayo ay kinakailangan na laging manalangin na ang Banal na Espiritu ay manguna sa ating mga kaisipan at tulungan tayo na maunawaan ang Kanyang salita.

9. Palagi bang ligtas na sumunod sa palagay natin ay tama?

Kawikaan 14:12 _____

10. Paano isinalarawan ang mga huling araw?

2 Timoteo 3:1 _____

11. Ang mga masasamang tao at magdaraya ay lalago, na anong ginagawa?

2 Timoteo 3:13 _____

12. Ang mga bulaang propeta ay lilitaw at anong ipapakita?

Mateo 24:24 _____

13. Ang kanilang mga himala ay ginawa upang dayain sino?

Mateo 24:24 _____

14. **Upang maiwasan ang pandaraya, ano ang gagawin natin sa lahat ng ating mga ideya?**

1 Tesalonica 5:21 _____

15. **Sang-ayon sa anong salita natin susubukin ang lahat ng mga bagay?**

Isaias 8:20 _____

16. **Kaninong mga sinulat ang dapat nating sampalatayaan upang matanggap ang mga salita ni Jesus?**

Juan 5:46,47 _____

“At sinabi niya sa kaniya, Kung di nila pinakikinggan si Moises at ang mga propeta, ay di rin mangahihikayat sila, kahit ang isa'y magbangon sa mga patay.” Lucas 16:31

Itinuring ng mga apostol ang Lumang Tipan bilang, “ang mga banal na kasulatan na makapagpadunong sa iyo sa ikaliligtas sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo Jesus.” 2 Timoteo 3:15

“Ang lahat ng mga kasulatan na kinasihan ng Dios ay mapapakinabangan din naman sa pagtuturo, sa pagsansala, sa pagsaway, sa ikatututo na nasa katuwiran: Upang ang tao ng Dios ay maging sakdal, tinuruang lubos sa lahat ng mga gawang mabuti.” 2 Timoteo 3: 16, 17

17. **Ano ang sumisira sa mga tao ngayon?**

Oseas 4:6 _____

18. **Ano ang salita ng Diyos para sa atin?**

Awit 119:105 _____

19. **Ano ang ating tungkulin tungkol sa liwanag ng ibinibigay sa atin ng Diyos?**

Juan 12:35 _____

20. **Ano ang dapat nating gawin upang malaman kung ang isang doktrina ay sa Diyos?**

Juan 7:17 _____

“Ang pakikipagibigan ng Panginoon ay nasa nangatakatot sa kaniya; at ipakikilala niya sa kanila ang kaniyang tipan.” Awit 25: 14

21. **Ano ang nais na ipakita sa atin ng Diyos?**

Jeremias 33:3 _____

“Oo, kung ikaw ay dadaing ng pagbubulay, at itataas mo ang iyong tinig sa pagunawa; Kung iyong hahanapin siya na parang pilak, at sasaliksikin mo siyang parang kayamanang natatago. Kung magkagayo'y iyong mauunawa ang pagkatakatot sa Panginoon, at masusumpungan mo ang kaalaman ng Dios.” Kawikaan 2: 3-5

Sa Liwanag ng Salita ng Diyos....

O Nauunawaan ko na ang buong Biblia ay ang salita ng Diyos, tiyak na mapagkakatiwalaan, at subukan ng lahat ng mga bagay.

O Ninanais ko na masakap na pag-aralan ang salita ng Diyos, at hayaan ito na manguna sa bawat bahagi ng buhay ko.

Karagdagang mga puna: _____

Pangalan: _____

Susunod na Leksyon: Nalalapit Na Ba Na Magkaroon Ng Isang Pangsantalibutang Pamamahala?